

### Sino ang makakatulong sa akin sa aking mga kasong pang-USCIS?

Sa lahat ng pagkakataon, maihaharap mo ang iyong sarili sa USCIS (U.S. Citizenship and Immigration Services o Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos). Maraming tao, kabilang na ang mga miyembro ng pamilya, ang maaaring taos-pusong tutulong sa iyo sa pagsagot/pagkumpleto ng mga pormularyo ng USCIS (USCIS form) gamit ang mga impormasyong ibibigay mo. Ito ay maaaring gawin ng mga taong ito nang walang bayad o nang sumisingil lamang ng kaunting bayad. Subalit, ang partikular na kwalipikadong mga indibidwal lamang ang makakapagbigay sa iyo ng payong legal o makakapagsilbing kinatawan mo sa harap ng USCIS.

Maaaring kabilang sa payong legal ang:

- Kung paano sagutan ang mga tanong sa iyong mga pormularyong pang-imigrasyon; at
- Kung ano ang mga opsiyong pang-imigrasyon ang maaaring mayroon ka.

Sa batas, ang mga tao na maaaring makapagbigay lang ng payong legal o makakapagsilbing kinatawan mo sa harap ng USCIS ay ang:

- Mga abogado (attorney); at
- Mga kinatawang hindi abogado na akreditado ng Board of Immigration Appeals (BIA).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga abogado at mga kinatawang akreditado ng BIA (Board of Immigration Appeals o Lupon para sa mga Apelang Pang-imigrasyon), bumisita sa www.uscis.gov/avoidscams.

Sa tuwirang superbisyon ng isang abogado, akreditadong kinatawan, o miyembro ng pakultad sa ilang kaso, may ilang mga estudyante sa Law at mga nakapagtapos ng Law mula sa mga akreditadong paaralan ng Estados Unidos ang maaaring makapagbigay sa iyo ng payong legal ukol sa mga isyung pang-imigrasyon. Ang mga estudyante at mga nakapagtapos na ito ay hindi maaaring tumanggap ng kompensasyon o bayad para sa kanilang mga serbisyo. Bumusita sa www.uscis.gov/avoidscams para sa karagdagang impormasyon.

Maaaring HINDI makakapagbigay ng payong legal o hindi makakapagsilbing iyong kinatawan sa harap ng USCIS ang mga "Notaryo", mga notaryo publiko, at mga immigration consultant (tagapayo sa imigrasyon). Sa ilang bansa, lahat ng "notaryo" ay mga abogado. Ito ay hindi totoo sa Estados Unidos. Ang mga notaryo publiko sa Estados Unidos ay puwedeng hindi mga abogado at ang kanilang awtoridad ay hindi katulad noong sa awtoridad na makapagbigay ng payong legal kagaya ng mga "notaryo" sa ibang bansa.

### Paano ako makakahanap ng libre o mura na lisensiyadong abogado o kinatawang akreditado ng BIA?

Para sa listahan ng libre o mura na mga serbisyong legal, bumisita sa www.uscis.gov/avoidscams o tumawag sa USCIS sa 1-800-375-5283.

### Paano ko malalaman kung ang taong tumutulong sa akin ay awtorisadong makapagbigay ng payong legal?

Para sa impormasyon sa kung paano matiyak kung ang abugado o ang kinatawang akreditado ng BIA ay karapat-dapat (eligible) na magsilbi bilang kinatawan mo sa harap ng USCIS, bumisita sa www.uscis.gov/avoidscams. Upang malaman kung ang tao ay isang kinatawang akreditado ng BIA, maaari ka ring bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng USCIS o tumingin sa listahan ng pankasalukuyang akreditadong mga indibidwal sa website ng BIA sa www.justice.gov/eoir/statspub/raroster.htm.

### Ano ang ilang mga karaniwang scam (panloloko) sa imigrasyon?

Ang mga scammer (manloloko) ay kadalasang nangangako ng mga bagay na sobrang napakagandang pakinggan ngunit di-kapani-paniwala. Maaaring sasabihin nila sa iyo na may koneksyon sila sa pamahalaan, o makukunan ka nila ng benepisyong pang-imigrasyon gaya ng green card o work permit (permiso sa trabaho) nang napakabilis, o matutulungan ka nilang makakuha ng mga benepisyo na hindi mo maaaring makuha kung ikaw lang.

Minsan ang mga website na mukhang napakapropesyunal ay makakapagdala sa iyo sa isang scam (panloloko). Ang mga scammer (manloloko) ay nagpapatalastas (nag-a-advertise) din sa mga direktoryo ng telepono, mga polyeto at mga karatula sa mga tindahan. Maaaring gamitin nila ang mga istasyon ng radyo at diyaryo upang makapag-anunsyo/makapag-advertise sa media. Maari rin na irerekomenda sila ng taong kilala mo. Mag-ingat. Bago pumunta sa taong nag-aalok/nagtitinda ng payong pang-imigrasyon, alamin muna kung siya ay isang abogado o isang kinatawang akreditado ng BIA.

### Ano ang magagawa ko kung ako ay isang biktima ng scam (panloloko) sa imigrasyon?

Kung ikaw o ang taong kilala mo ay biktima ng isang scam (panloloko) sa imigrasyon, isaalang-alang ang pagbibigay-alam sa Federal Trade Commission (FTC o Komisyong Pederal sa Pangangalakal) sa www.ftc.gov/complaint o sa 1-877-382-4357. Makakapagreport ka rin ng mga scam (panloloko) sa imigrasyon sa tanggapan ng inyong state attorney general (punong tagapayong legal sa pamahalaang pang-estado), sa iba pang mga ahensiya ng pamahalaan o sa nararapat na state bar association (asosasyon ng mga propesyunal na abogado ng estado).

May mga batas na nagbabawal sa mga scam (panloloko) sa imigrasyon. Alamin ang tungkol sa batas sa inyong estado at kung paano mag-report ng mga scam (panloloko) sa www.uscis.gov/avoidscams.

**Protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya sa mga scam (panloloko) sa imigrasyon. Alamin ang mga katotohanan at maghanap ng legal na tulong sa www.uscis.gov/avoidscams o sa pamamagitan ng pagtawag sa USCIS sa 1-800-375-5283.**

**Sa lahat ng pagkakataon, maaari kang makipag-ugnayan sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) tungkol sa iyong kaso. Kung pipiliin mong ang magsisilbing kinatawan para sa iyo, mangyaring alalahanin na may mga partikular na indibidwal lamang ang maaaring makapagbigay ng payong legal ukol sa mga isyung pang-imigrasyon o makakapagsilbing kinatawan mo sa harap ng USCIS.**






Ang ibang tao ay maaaring mag-alok na kumpletuhin ang iyong mga pormularyo at maaaring may mabuting intensiyon, ngunit sila'y di-kwalipikadong magbigay ng payo ukol sa batas o ukol sa mga prosesong pang-imigrasyon.

## Mga Dapat Tandaang mga Tips (Payo)

- ☑ KUMUHA ng impormasyong pang-imigrasyon mula sa opisyal na website ng pamahalaan. Ang mga address ng website para sa mga ahensiya ng pamahalaang pederal ay nagsasama ng ".gov," at hindi ".com".
- ☑ KUMUHA ng resibo sa pagbayad ng taong tumulong sa iyo sa pagkumpleto ng iyong mga pormularyong pang-imigrasyon (immigration form).
- ☑ TIYAKIN na ang taong nagbibigay sa iyo ng payong legal at nagsisilbing kinatawan mo sa harap ng USCIS ay isang abogado o kinatawang akreditado ng BIA.
- ☑ ITAGO ang lahat ng liham mula sa USCIS sa ligtas na lugar. Palaging kumuha/gumawa ng mga kopya ng lahat ng dokumento na inihanda o isinumite para sa iyo at magtago ng kopya ng iyong USCIS receipt notice (katibayan ng pagtanggap ng USCIS). Ang receipt na ito ay isang katibayan na ang iyong aplikasyon o petisyon ay natanggap ng USCIS.
- ☑ ALAMIN ang mga tagubilin para sa pormularyo ng USCIS (USCIS form) para sa mga bayarin sa pag-file at iba pang mga inaatas/kinakailangan.
- ☑ TINGNAN nang libre ang lagay ng iyong kaso sa www. Uscis. gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-375-5283.
- ☑ I-REPORT ang labag sa batas na gawain o mga scam (panloloko) sa imigrasyon sa FTC, sa tanggapan ng inyong state attorney general o sa inyong state bar association.
- ☑ HUWAG bayaran ang blangkong mga pormularyo ng USCIS. Lahat ng mga pormularyo ng USCIS ay libre at maaaring makuha sa www.uscis.gov o sa tanggapan ng inyong lokal na USCIS.
- ☑ HUWAG pumirma sa mga blangkong pormularyo. Tiyakin na nakumpleto ang lahat ng pormularyo bago mo pirmahan ang mga ito.
- ☑ HUWAG pumirma sa mga pormularyong nagtataglay ng di-totoong impormasyon. Tiyakin na ang lahat ng impormasyon ay totoo at wasto bago pirmahan ang mga ito.
- ☑ HUWAG hayaang itago ng ibang tao ang iyong orihinal na mga dokumento.
- ☑ HUWAG pumirma sa mga dokumento na hindi mo naiintindihan. Bago ka pumirma sa anumang pormularyong pang-imigrasyon, basahing maigi ang mga ito at tiyakin na iyong naiintindihan ang mga ito.

Sa paghahanap ng tulong pang-imigrasyon, ang maling tulong ay makakaperhuwisyo.

Alamin ang mga katotohanan at maghanap ng legal na tulong sa www.uscis.gov/avoidscams o sa pamamagitan ng pagtawag sa USCIS sa 1-800-375-5283.




# ANG MALING TULONG AY MAKAKAPERHUWISYO

## MAG-INGAT SA MGA SCAM (PANLOLOKO) SA IMIGRASYON

U.S. Citizenship and Immigration Services

M-712 - Tagalog (05/11)

Minsan, may mga taong nagkukunwaring sila ay "mga eksperto sa imigrasyon" para lamang madaya at maperahan ka. Ito ay labag sa batas.

